

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Huwag kaligtaan ang karanasan sa drive-thru na Araw ng Canada kasama si Mayor Brown, ang mga Konsehal, live na musika at marami pa

BRAMPTON, ON (Hunyo 29, 2020) – Bukod pa sa online na programa sa Araw ng Canada ng Brampton sa www.brampton.ca/canadaday, ginagawang live o personal ni Mayor Patrick Brown at ng mga Konsehal ang pagdiriwang sa Araw ng Canada! Ang mga miyembro ng Konseho ay maghahatid ng live na musika, mga trak ng pagkain at libreng cookies mula sa mga lokal na panaderya sa bawat pares ng ward sa Hulyo 1.

Ang mga pagdiriwang na ito nang personal ay magaganap sa labas sa mga paradahan ng sentrong panlibangan ng Brampton. Hinihiling sa mga residente na magmaneho at manatili sa kani-kanilang sasakyan para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19. Mula sa kani-kanilang sasakyan, makakapag-enjoy ang mga residente ng live na musika at makakabili ng pagkain sa pamamagitan ng proseso ng trak ng pagkain na drive-thru. Maghahatid ang Mayor at ang mga Konsehal ng Ward ng mga libreng cookies sa mga sasakyan, hangga't may suplay pa, na nakasuot ng mask at guwantes.

11 hanggang 11:45 AM: Wards 1 at 5

Bisitahin ang Visit Century Gardens Recreation Centre sa 340 Vodden Street East kung saan makikita mo si Mayor Brown kasama ang mga Konsehal na sina Rowena Santos at Paul Vicente! Mag-enjoy sa live na musika mula sa The Jazz Mechanics, bumili ng pagkain mula sa The Mighty Cob, at mag-isnak ng libreng cookie mula sa lokal na panaderyang OccaSSions.

12 hanggang 12:45 PM: Wards 2 at 6

Bisitahin ang Cassie Campbell Community Centre sa 1050 Sandalwood Parkway West para mag-enjoy sa live na musika mula kina Ablett at Cooper, bumili ng pagkain mula sa The Mighty Cob, at mag-isnak ng libreng cookie mula sa lokal na Grand Bakers. Ihahatid ni Mayor Brown at ng mga Konsehal na sina Michael Palleschi at Doug Whillans ang mga cookies sa inyong sasakyan.

1 hanggang 1:45 PM: Wards 3 at 4

Bisitahin ang Memorial Arena sa 69 Elliott Street para mag-enjoy sa live na musika mula sa Brampton Folk Club, bumili ng pagkain mula sa Jamie's Cracked Corn, at mag-isnak ng libreng cookie mula sa lokal na Cristina's Tortina Shop, na ihahatid sa inyong sasakyan ni Mayor Brown at ng mga Konsehal na sina Jeff Bowman at Martin Medeiros.

2 hanggang 2:45 PM: Wards 7 at 8

Bisitahin ang Greenbriar Recreation Centre sa 1100 Central Park Drive para mag-enjoy sa live na musika mula sa Celtic Band Erin's Marlore, bumili ng pagkain mula sa The Mighty Cob, mag-isnak ng libreng cookie mula sa lokal na Cakes by Emily K. Dadalo si Mayor brown at ang mga Konsehal na sina Pat Fortini at Charmaine Williams

3 hanggang 3:45 PM: Wards 9 at 10

Bisitahin ang Gore Meadows Community Centre sa 10150 The Gore Road para mag-enjoy sa live na musika mula kay Bagga Singh, bumili ng pagkain mula sa The Mighty Cob, at mag-isnak ng libreng cookie mula sa lokal na mga panaderyang Lacoste Bakery and Cookies by Design. Dito, sina Konsehal Gurpreet Dhillon at Harkirat Singh ay sasama kay Mayor Brown

Mga Pangkaligtasang Pamamaraan sa COVID-19

Para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19, ginagawa ang mga pamamaraan ng paglayo mula sa iba, at hinihiling sa mga residente na manatili sa kani-kanilang mga sasakyan para sa karanasan ng drive-thru na Araw ng Canada. Hinihikayat ng Lungsod ang mga dadalo na magsuot ng mask at magdala ng personal na disinfectant, tulad ng hand sanitizer o wipes.

Ipagdiwang ang Araw ng Canada – online!

Para makatulong sa mga Bramptonian na ipagdiwang ang Araw ng Canada mula sa kanilang mga bahay, dinadala ng Lungsod ang pagdiriwang online sa www.brampton.ca/canadaday. Mula tanghali hanggang 10 PM sa Hulyo 1, ang mga residente ay maaaring mag-enjoy sa mga aktibidad na nakakabuti sa pamilya, mga birtwal na firework, mga performance mula sa paborito ng pamilya at JUNO award-winning Splash’N Boots, lokal na mga artist, JUNO award-winning performer na Walk Off The Earth, at mas marami pa.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.brampton.ca/canadaday.

Mga Quote

“Ang Araw ng Canada Day ay ang pinakamalaking event sa Brampton at kahit na hindi tayo makapag-host ng personal na pagdiriwang sa Chinguacousy Park sa taon na to, lumikha kami ng paraan na ipagdiwang ang Araw ng Canada nang personal na nasa una sa isipan ang mga pangkaligtasang pamamaraan sa COVID-19. Pumunta at magsabi ng hello sa Hulyo 1, pagkatapos umuwi ng bahay para magdiwang online!”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Napaka-excited natin na makatagpo ang mga residente sa isang ligtas at nakakalusog na paraan para ipagdiwang nang magkasama ang Araw ng Canada. Hinihikayat ko ang lahat na magsuot ng mask, isagawa ang mabuting kalinisan at paglayo mula sa iba, at sumali sa amin nang personal para sa pagkain, musika, at saya. Pagkatapos, mag-enjoy sa mga performance at fireworks online sa www.brampton.ca/canadaday.”

- *Gurpreet Dhillon, Rehiyonal na Konsehal, Wards 9 at 10, Lungsod ng Brampton; Chair, Pagpapaunlad sa Ekonomiya at Kultura*

“Habang nagsisikap tayo na muling buksan ang lungsod nang ligtas at ang ating komunidad ay magkakasama sa pagdiwang ng kaarawan ng Canada, hinihikayat ko ang lahat na makibahagi sa mga festivity at magdiwang nang ligtas hangga’t maaari sa pamamagitan ng pagpapanatili ng distansya at mag-enjoy sa live entertainment sa buong Brampton.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal Wards 3 at 4; Pinuno, Working Group ng Muling Pagbubukas at Pagbangon, Lungsod ng Brampton*

“Mula sa pakikipagkita kay Mayor at sa inyong mga Konsehal, hanggang sa live entertainment, sa online na mga performance, mga aktibidad na nakakabuti sa pamilya at mga firework, may nakakalusog at ligtas na mga paraan para ipagdiwang ng lahat ang Araw ng Canada na ito. Mangyaring manatiling ligtas, isagawa ang paglayo mula sa iba, at wakasan ang gabi online mula sa inyong bahay.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok ng Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca